## MGA KARAPATAN SA PAG-APELA (APPEAL RIGHTS)

**Muling Pagsasaalang-alang (Reconsideration):** Mayroon kang karapatang hilingin na muling isaalang-alang ng Administratibong Hukom ng Batas (Administrative Law Judge, ALJ) ang Pinal na Kautusan na ito. Binagong Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) 34.05.470 at Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 388-02-0605. Ang iyong kahilingan ay dapat na nasa kasulatan at dapat na matanggap ng ALJ sa loob ng sampung (10) araw sa kalendaryo pagkalipas ng petsa ng pagpapadala ng Pinal na Kautusan. Puwede mong gamitin ang nakalakip na form ng Kahilingan para sa Muling Pagsasaalang-alang. Kung ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang ay hindi matatanggap sa loob ng sampung araw na ito, hindi ito isasaalang-alang, at patuloy na tatakbo ang timeline para humiling ng pagsusuri mula sa kataas-taasang hukuman. Ipadala ang iyong kahilingan sa sumusunod na address:

Office of Administrative Hearings
PO Box 42489 Olympia, WA 98504
Telepono: (800) 845-8830
Fax:

Kung nasa oras ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang, may dalawampung (20) araw ang ALJ para pagpasyahan ang kahilingan o para magpadala sa iyo at sa iba pang panig ng nakasulat na kahilingan na tumutukoy sa petsa kung kailan pagpapasyahan ng ALJ ang kahilingan. Tatanggihan ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang kung walang gagawin na aksyon ang ALJ sa loob ng dalawampung araw. Kung nasa oras ang kahilingan, ang timeline para humiling ng pagsusuri mula sa kataas-taasang hukuman ay magsisimula sa petsa kung kailan ipinadala ang kautusan para sa muling pagsasaalang-alang.

**Pagsusuri Mula sa Kataas-taasang Hukuman (Superior Court Review):** Mayroon ka ring karapatang iapela ang Pinal na Kautusan na ito sa kataas-taasang hukuman sa loob ng tatlumpung (30) araw sa kalendaryo pagkalipas ng petsa ng pagpapadala ng Pinal na Kautusan. RCW 34.05.542(3) at WAC 388-02-0645. Hindi mo kailangang maghain ng kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang bago humiling ng pagsusuri sa kataas-taasang hukuman. Hindi puwedeng humiling ang Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Deparment of Social and Health Services, DSHS) ng pagsusuri mula sa kataas-taasang hukuman. Sumangguni sa WAC 388-02-0650 para sa impormasyon tungkol sa kung paano ihain ang iyong kahilingan para sa pagsusuri mula sa kataas-taasang hukuman.

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**



HALIMBAWA

**KAHILINGAN PARA SA MULING PAGSASAALANG-ALANG (REQUEST FOR RECONSIDERATION)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan: | ______________________ | Num. ng Docket | Numero ng Kaso ______________ |
| Address: | ______________________ | Num. ng Ahensya | ______________ |
| | ______________________ | | |

Lungsod: ____________ Estado: ______ Zip Code: ______________

Telepono: ______________________

Pakipaliwanag kung bakit gusto mong maisaalang-alang ang Pinal na Kautusan. Puwede kang maglakip ng mga karagdagang pahina. Subukang maging partikular. Halimbawa, ipaliwanag:

- Kung bakit sa tingin mo ay mali ang Kautusan (kung bakit hindi ka sumasang-ayon dito).
- Kung paano dapat baguhin ang Kautusan.
- Ang kahalagahan ng ilang partikular na detalye na dapat isaalang-alang ng Administratibong Hukom ng Batas.

**Gusto kong muling isaalang-alang ng Administratibong Hukom ng Batas ang Pinal na Kautusan dahil:**

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________ ______________________

Lagda Petsa

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**